

Pangalan: Abu Ashraf Jilah

Paksa ng Khutbah: "Ang Pagdududa"

Isinaayos ni: Bro. Michael 'Mujahid' Macapagal

Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro

January 12, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الْحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يَضِلَّ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

Tunay na ang papuri ay kay Allah lamang. Pinupuri natin Siya at hinihingan ng tulong at kapatawaran. Tayo ay nagpapakupkop kay Allah mula sa kasamaan ng ating mga sarili at sa kasamaan ng ating mga gawa. Sinuman ang gabayan ni Allah ay walang sinumang makapagliligaw sa kanya, at sinuman ang hayaan Niyang maligaw ay walang sinumang makapag-gagabay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang diyos na tunay na dapat sambahin maliban lamang kay Allah; at ako ay sumasaksi na si Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay Kanyang alipin at sugo. Nawa'y ipagkaloob ni Allah ang pagpapala at kapayapaan sa Kanyang sugo.

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تَقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ﴾ آل عمران: 102

"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Alo 'Imran: 102)

Mga Alipin ni Allah, noong unang panahon sa kuwento nina Habil at Qabil, mga anak ni Propeta Adan, ay namuhay sa isang pamayanang payapa. Si Habil ay isang masipag na pastor, samantalang si Qabil ay isang masugid na magsasaka. Bilang magkapatid, madalas silang magtulungan sa kanilang mga gawain. Ngunit dahil sa kasikatan at kabutihan ni Habil, si Qabil ay unti-unting nakaramdam ng pagdududa sa kanyang kapatid, iniisip na baka siya ay mas higit na paborito ni Allah.

Isang araw, inutusan ni Allah ang magkapatid na mag-alay ng handog bilang tanda ng kanilang pananampalataya. Si Habil ay taos-pusong nag-alay ng

kanyang pinakamainam na tupa, samantalang si Qabil ay nag-alay ng ilang pananim na hindi pinakamainam sa kanyang ani. Tinanggap ni Allah ang alay ni Habil ngunit tinanggihan ang kay Qabil. Nang dahil dito, nagduda si Qabil sa kanyang kapatid. Sa kanyang isipan, hindi niya maunawaan kung bakit tila laging pabor kay Habil si Allah, at inisip niya na may ginagawang lihim si Habil upang mas mapalapit kay Allah.

Habang lumilipas ang mga araw, lumalim ang pagdududa ni Qabil. Naging madalas ang pag-aaway nilang dalawa. Si Qabil ay lalong nagalit at napuno ng panibugho. Ang pagdududa at panibugho ay nagpalala ng kanyang damdamin at unti-unti siyang nabalot ng galit, hanggang sa dumating ang sandaling nagpasya siyang saktan ang kanyang sariling kapatid.

Sa huli, si Qabil ay gumawa ng isang kasuklam-suklam na aksyon laban kay Habil. Matapos ang masaklap na insidente, nadama ni Qabil ang matinding pagsisisi. Nakita niya ang isang uwak na naghuhukay sa lupa, at naisip niyang ito ang tamang paraan upang itago o pagtakpan ang kanyang nagawang kasalanan. Saka lamang niya napagtanto na ang kanyang pagdududa at selos o inggit ang nag-udyok sa kanya na gawin ang kasalanang iyon, isang kasalanang hindi na niya maitatama pa.

Ang kuwento nina Habil at Qabil ay isang babala sa Islam tungkol sa masamang epekto ng pagdududa at paghuhusga sa kapwa. Kapag hinayaan nating malunod tayo sa pagdududa o inggit at galit, nawawala ang ating kakayahang mag-isip nang tama at magbigay ng makatarungang desisyon.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اجْتَنِبُوا كَثِيرًا مِّنَ الظَّنِّ إِنَّ بَعْضَ الظَّنِّ إِثْمٌ وَلَا تَجَسَّسُوا وَلَا يَغْتَبَ بَعْضُكُم بَعْضًا أَيُحِبُّ أَحَدُكُمْ أَن يَأْكُلَ لَحْمَ أَخِيهِ مَيْتًا فَكَرِهْتُمُوهُ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ تَوَّابٌ رَّحِيمٌ ﴾
الحجرات: 12

Ang talatang ito mula sa Surah Al-Hujurat (49:12) ay nagbibigay ng malalim na gabay sa kung paano dapat makitungo ang mga mananampalataya sa isa't isa upang mapanatili ang kapayapaan, pagkakaisa, at respeto sa komunidad.

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اجْتَنِبُوا كَثِيرًا مِّنَ الظَّنِّ إِنَّ بَعْضَ الظَّنِّ إِثْمٌ ﴾

“O kayong mga naniniwala, iwasan ninyo ang maraming pagdududa (suspicion), sapagkat ang ilang pagdududa ay kasalanan.”

Sa talatang ito, binibigyang diin ang panganib ng masamang pagdududa sa kapwa. Ang masamang pagdududa ay nagdudulot ng negatibong pananaw at madalas ay humahantong sa hindi kanais-nais na mga gawain tulad ng paninirang-puri at pagkakawatak-watak ng komunidad. Hinihikayat tayo ni Allah na umiwas sa ganitong uri ng pag-iisip, sapagkat ang ilang pagdududa ay nagiging kasalanan, lalo na kung ito ay batay sa walang batayang haka-haka at maaaring makapinsala sa reputasyon ng iba.

﴿وَلَا تَجَسَّسُوا﴾

“...at huwag kayong magmanman...”

Ang paniniktik o pagsubaybay ay isang hindi kanais-nais na gawain na nagtatanggal sa privacy at tiwala sa pagitan ng mga tao. Sa Islam, mahalaga ang respeto sa pribadong buhay ng bawat isa. Ang pagsubaybay sa kilos ng iba upang humanap ng pagkakamali ay maaaring magdulot ng pagkasira ng tiwala at paggalang. Pinapaalalahanan tayo na huwag mag-usisa o magmanman sa kapwa, dahil ito ay makakapaghatid lamang ng kabuluhan at sama ng loob.

﴿وَلَا يَغْتَابَ بَعْضُكُم بَعْضًا﴾

“...at huwag kayong manirang-puri ng iba sa inyo.”

Ang paninirang-puri (o pagtalakay ng masamang aspeto ng isang tao na totoo man o hindi, sa kanyang kawalan) ay lubos na ipinagbabawal sa Islam. Ang paninirang-puri ay tulad ng pagwasak sa dignidad ng isang tao at nagdudulot ng malaking pinsala sa pagkakaisa at respeto sa komunidad. Sa talatang ito, inihahambing ni Allah ang paninirang-puri sa isang matinding anyo ng kasuklam-suklam na gawain.

﴿أَيُّجِبُ أَحَدُكُمْ أَنْ يَأْكُلَ لَحْمَ أَخِيهِ مَيْتًا فَكَرِهْتُمُوهُ﴾

“Ibig ba ng isa sa inyo na kainin ang laman ng kanyang kapatid na patay na? Kayo ay mangingilabot dito.”

Gumamit si Allah ng isang matinding pagsasalarawan upang ipakita ang kasuklam-suklam na katangian ng paninirang-puri. Inihalintulad Niya ang paninirang-puri sa pagkain ng laman ng sariling kapatid na pumanaw na. Ang ganitong uri ng paglalarawan ay nagpapakita kung gaano kalabis ang kasamaan ng paninirang-puri at kung paano ito lubos na itinatakwil sa Islam. Sa pamamagitan ng ganitong paghahambing, hinihimok tayong itakwil at kamuhian

ang paninirang-puri tulad ng ating pagkamuhi sa pagkain ng laman ng yumaong kapatid.

﴿ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ تَوَّابٌ رَحِيمٌ ﴾ الحجرات: 12

“At matakot kayo kay Allah. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.” (Al-Hujurat: 12)

Ang talata ay nagtatapos sa isang paalala na matakot kay Allah at humingi ng tawad sa Kanya sa mga pagkukulang at pagkakamali natin sa kapwa. Ang takot kay Allah ay hindi nangangahulugang pagkatakot sa parusa lamang, kundi pati na rin ang pagnanais na maging kalugod-lugod sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga alituntunin. Sa ating pagsisikap na iwasan ang masamang gawain, binibigyan tayo ni Allah ng pag-asa, sapagkat Siya ay Mapagpatawad at Mahabagin para sa mga nagbabalik-loob sa Kanya.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللَّهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ الْمُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الْعَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِينُ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ، وَبَعْدُ:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, iwasan natin ang pagdududa at paghuhusga sa kapwa. Si Qabil ay hindi nagtanong nang maayos kay Habil at hindi naghanap ng paliwanag; sa halip, hinayaan niyang lumalim ang kanyang pagdududa at inggit. Sa Islam, tayo ay hinihikayat na iwasan ang “su-udh dhan” o masamang pag-iisip sa kapwa sapagkat ito ay nakasisira sa ugnayan at nagdadala ng poot. Isinalaysay ni Abu Hurayrah (radhiyallahu ‘anhu), na ang Sugo ni Allah (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

“إِيَّاكُمْ وَالظَّنَّ فَإِنَّ الظَّنَّ أَكْذَبُ الْحَدِيثِ وَلَا تَحَسَّسُوا وَلَا تَجَسَّسُوا وَلَا تَنَافَسُوا وَلَا تَحَاسَدُوا وَلَا تَبَاغَضُوا وَلَا تَدَابَرُوا وَكُونُوا عِبَادَ اللَّهِ إِخْوَانًا.” رواه مسلم

“Mag-ingat kayo sa pagdududa sapagkat tunay na ang pagdududa ay pinakasiningaling na pangungusap. Huwag maging mausisa sa isa't isa, at huwag magmanman sa isa't isa. Huwag magkainggitan, at huwag magkimkim ng sama

ng loob, at huwag magtanim ng galit o poot laban sa isa't isa. Sa halip, kayo ay maging mga alipin ni Allah na magkakapatid.” (Inulat ni Muslim)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang Hadith na ito ay nagpapa-alala sa atin na maging mabuti sa kapwa at lalo na sa kapatid nating mananampalataya. Umiwas tayo sa mga negatibong damdamin upang mas mapalapit tayo kay Allah at sa isa't isa, at dapat tayo'y mapagkumbaba at marunong tumanggap sa kagustuhan ni Allah. Sa halip na tayo'y magduda sa ating kapatid, ay mas mainam magpakumbaba at tanggapin ang desisyon ni Allah.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا،
اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ
عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي الْعَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ
مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ الْعَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدَيْنَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَائِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الْخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ
حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَجَمِيعِ مَوْتَى الْمُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالْوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرَّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى
ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا
آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الْحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ الْمَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ
كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انصُرْ الْإِسْلَامَ وَالْمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالْمُشْرِكِينَ وَالْمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ
الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللَّهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ.
عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَى وَيَنْهَى عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ
وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَادْكُرُوا اللَّهَ الْعَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ،
وَلَذِكْرُ اللَّهِ أَكْبَرُ، وَاللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.